




Ang public medical insurance sa Japan



* Mayroong mga medikal na pasilidad sa Japan na maaaring gamitin ang insurance (hoken iryou kikan) at hindi maaaring gamitin ang insurance (tulad ng klinik para sa masahe). Bukod dito, kahit sa mga medikal na pasilidad kung saan maaaring gamitin ang insurance, mayroon ding mga serbisyo na hindi sakop ng insurance.



F Serbisyong medikal

[▶ Bumalik sa TOP ng F Serbisyong medikal](#)

Ilalahad dito ang tungkol sa serbisyong medikal sa Japan. Ibabahagi dito ang paraan ng pagkonsulta sa doctor, ang pagpapa-ospital, ang tungkol sa emerhensiya, tungkol sa parmasya o botika, at tungkol sa public medical insurance.

1 Mga medikal na pasilidad

Kung nagkasakit o nasugatan, magpagamot sa pagamutan. Ipapaliwanag dito ang mga uri ng pagamutan at ang mga alituntunin kailangang sundin.

1-1 Mga pangunahing kaalaman tungkol sa mga medikal na pasilidad

(1) Mga uri ng medikal na pasilidad

Nakabahagi sa dalawa ang uri ng medikal na pasilidad, ang mga malalaking ospital na may sapat na kagamitan at kung saan maaaring magpa-ospital, at ang mga klinik (iin) o tanggapan ng duktor (shinryoujo) malapit sa inyong lugar kung saan mas personal ang serbisyo.

Ang mga klinik o tanggapan ng duktor ay ang mga medikal na pasilidad na mababa sa 20 ang bilang ng kama o higaan para sa mga pasyente at kadalasan, marami sa mag ito ang walang kagamitan at kapasidad para ipa-ospital ang pasyente, at tumatanggap ng pasyente na di malubha ang karamdaman.

Sa kabila nito, may kapasidad para sa pagpapa-ospital ang pasyente at may kagamitan para sa pagpapa-eksamen o pagsisiyasat ang mga malalaking ospital. Sa mga pampublikong ospital, mayroong sapat na sistema ng pagpapagamot na mataas ang antas sa bawat espesyalisasyon. Sa mga ospital na higit sa 200 ang bilang ng kama o higaan para sa pasyente, may mga panahong mas malaki ang gastusin kapag walang liham ng rekomendasyon mula sa mga klinik.

Magpatingin muna sa klinik (o tanggapan ng duktor) sa simula, at kapag kinakailangan, mabibigyan ng rekomendasyon para magpagamot sa espesyalista. Huwag mabahala at mataranta kapag may sakit at suriin ng mabuti kung anong uri ng medikal na pasilidad ang nasa inyong lugar.



F Serbisyong medikal

▶ [Bumalik sa TOP ng F Serbisyong medikal](#)

Kadalasang pinupuntahan na klinik

Para sa sipon, sakit ng tiyan, di-malubhang karamdaman



Klinik or tanggapan ng dukor

Liham ng rekomendasyon

Kapag natuklasan ang malubhang sakit
Kapag kailangan ng operasyon o
pagpapa-ospital, atbp.

Malalaking ospital para sa oras ng emerhensya

Para sa malubhang sakit o sintomas,
kapag malubhang nasugatan



Malalaking ospital
(general hospital o sougou byouin)

(2) Mga departamento ng espesyalisasyon

Pagpapasyahan ng klinik o ospital ang departamento kung saan magpapatingin ang pasyente ayon sa sakit o sugat na natamo. Dahil mayroong general hospital o sougou byouin na mayroong halos lahat ng departamento ng pagpapagamot at mga klinik, tanggapan ng duktor at ospital na may bahagi lang nito ang espesyalisasyon, kapag magpapatingin, piliin ang naaangkop na lugar. Ang departamento ng internal medicine o naika, departamento ng surgery o geika, at departamento ng pediatrics o shounika ang pangunahing mga departamento, kapag mas malaki ang ospital, higit ding ang pagkakabahagi ng mga departamento kung saan makakatanggap ng mas espesyalisadong pagpapagamot. Sumusunod ang listahan ng mga departamento at binibigay ang halimbawa kung anong sakit ang maaaring ipatingin sa bawat isa.



F Serbisyong medikal

[Bumalik sa TOP ng F Serbisyong medikal](#)

●Departments

Mga departamento ng espesyalisasyo	Ang pagpapagamot sa pamamagitan ng gamot, at maaaring magpatingin para pangkaraniwang sakit tulad ng sipon. Kapag di alam kung ano ang inyong karamdaman, mabuting magpatingin muna dito.
Surgery (para sa operasyon o geka)	Para sa pagpapagamot na may kinalaman sa sakit o sugat na panlabas at operasyon ang pangunahing pagpapagamot na isinasagawa.
Pediatrics (para sa sakit ng bata o shounika)	Para sa mga bata sakop ang edad ng mga nag-aaral elementarya at maaaring magpatingin dito para sa pangakarinawang sakit pambata.
Orthopedics (para sa buto o seikei geka)	Isinasagawa dito ang pagpapagamot kapag nabalian ng buto o napilayan at para sa sakit ng likod (youtsuu), at sakit ng buto, kasukasuan o joint at kalamnan o muscle.
Ophthalmology (para sa sakit sa mata o ganka)	Bukod sa pagpapatingin para sa sakit ng mata, maaari ding magpakuha dito ng eyesight test o magpa-eksamen ng mata.
Dentistry (dentista o shika)	Dito ang pagpapaayos ng sirang ngipin at pagpapagamot na may kaugnyan sa ngipin.

Iba pang departamento ay ang EENT (para sa sakit ng tenga, ilong at lalamunan o jibiinkouka), dermatology (para sa balat o hifuka), obstetrics at gynecology (para sa panganganak at sakit ng babae o sanfujinka), urology (para sa sakit sa pag-ihi o hinyoukika), clinical psychiatry (para sa problemang saykayatriko o seishinka), neurosurgery (para sa sakit ng ugat at shinkei naika/nougeka), atbp.

Sa mga malalaking ospital, kapag di sigurado kung saan maaaring magpakonsulta, magtanong at ipaalam sa reception o uketsuke ng ospital ang sintomas o nararamdaman ng katawan.

(3) Ang sistemang “first-come, first-served” at sistemang pang-appointment

Marami sa mga klinik at ospital ng Japan ang sumusunod sa sistemang “first-come, first-served.” Dahil dito, may mga panahon na kailangang maghintay ng isa hanggang dalawang oras. Gayun pa man, karaniwan ang sistemang pang-appointment sa pagpapakonsulta sa dentista at maging sa klinik o sa ospital, may lugar na kailangang makipag-appointment. Mabuting tiyakin ito bago tumuloy sa klinik at ospital.





F Serbisyong medikal

[Bumalik sa TOP ng F Serbisyong medikal](#)

mga oras na labas sa consultation hours.

<Halimbawa>

	月 Lunes	火 Martes	水 Miyerk oles	木 Huwe bes	金 Biyern es	土 Sabad o	日 Linggo
午前 Umaga	○	○	○	○	○	○	×
午後 Hapon	○	○	○	×	○	×	×

祝日は休み
Hindi bukas kapag holiday

Sa pagpasok sa ospital, makikita ang ganitong klasend patnubay tungkol sa consultation hours. Hindi bukas ang ospital para sa pagpapakonsulta sa mga araw na may X, at nangangahulugan na walang pasok sa hapon ng Huwebes at Sabado at buong Linggo

(3) Paghanap ng medikal na pasilidad

Maaaring malaman ang medikal na pasilidad na malapit sa inyo sa pamamagitan ng mga impormasyon mula sa mga inilathala ng munisipyo na inyong tinitirhan, sa Internet o sa telephone directory. Maaari ding magtanong sa mga kapitbahay.

Kapag nahihirapan makipag-usap sa wikang Hapon, mabuting makipag-ugnayan sa mga international association sa inyong lugar para malaman ang mga medikal na pasilidad kung saan may interpreter o maaaring gumamit ng sariling wika.

Sumusunod ang mga maaaring tawagan para sa katanungan sa sari-saring wika.



F Serbisyong medikal

[Bumalik sa TOP ng F Serbisyong medikal](#)

Telephone consultation is available in the following languages:

AMDA International Medical Information Center		
Isinasagawa ang pagbibigay ng gabay sa iba't-ibang wika tungkol sa mga medikal na pasilidad na maaaring gamitin ang sariling wika at tungkol sa sistema ng medical welfare.		
Tokyo Center Telepono: 03-5285-8088	Wikang tinutugunan	English, Thai, Intsik, Koryano, Español... Mon-Fri 9:00 to 17:00 Portuges....Mon/Tue/Fri 9:00 to 17:00 Filipino....Wed 13:00 to 17:00
Kansai Center Telepono: 06-4395-0555	Wikang tinutugunan	English, Español.... Mon-Fri 9:00 to 17:00 Intsik... Mon 10:00 to 13:00 Portuges... Mon 10:30 to 14:30

Tokyo Medical Information Service (Himawari)		
Tumutugon sa mga katanungan sa iba't-ibang wika tungkol sa mga medikal na pasilidad kung saan maaaring gumamit ng ibang wika at tungkol sa sistemang pangmedikal ng Japan.		
Telepono 03-5285-8181	Wikang tinutugunan	English, Intsik, Koryano, Thai, Español
Maaari ding hanapin sa link na ito ang mga medikal na pasilidad kung saan maaaring gumamit ng ibang wika: http://www.himawari.metro.tokyo.jp/qq/qq13to16sr.asp		





1 Mga medikal na pasilidad

1-3 Proseso ng pagpapakonsulta sa doctor

(1) Ang pangkaraniwang proseso sa unang bisita

Una, hanapin ang klinik o ospital na maaaring puntahan kapag may sakit o nasugatan at ipakita ang health insurance card (kenkou hokenshou) sa reception o uketsuke ng klinik o ospital. Pagkatapos ipakita ang kenkou hokenshou, dadaan sa susunod na proseso: paghintay sa waiting room (machiai shitsu), pagpapatingin sa duktora, pagbayad at pagkuha ng gamot. Ilalarawan ito nang mas malinaw sa sumusunod.

1. Kung nais magpagamot dahil sa may sakit o nasugatan

Maghanap ng klinik o ospital na maaaring puntahan.

2. Tumungo sa klinik o ospital

Sabihin sa reception o uketsuke na “Shoshin desu (Unang bisita ko ito sa duktora)” at ipakita ang health insurance card o kenkou hokenshou. Sa panahong ito, kalimitang ipapasagot ang mga kailangang impormasyon sa application form para sa pagpapakonsulta o sa medical questionnaire (monshinhyou). Tinatawag na medical questionnaire o monshinhyou ang papel kung saan inilalagay ang impormasyon tulad ng sintomas ng kasalukuyang karamdaman at ang mga nakaraang sakit (o personal medical history) o kung may allergy, atbp. Pagkatapos sagutin, ibalik ang papel sa uketsuke at maghintay sa waiting room (machiaishitsu).



3. Pagpapatingin sa duktora

Kapag tinawag ang inyong pangalan, pumasok sa loob ng examination room (shinsatsushitsu) at magpatingin sa duktora. Kapag kinakailangan, maaari kayong bigyan ng eksamen o ipagamot. Kapag kinakailangan, magpa-appointment para sa susunod na bisita.



4. Pagbayad

Karamihan ang pagbabayad ng gastusin pangmedikal ay cash (may mga lugar na tumatanggap ng credit card sa pagbabayad). Pagkatapos magpatingin sa duktora, matatanggap ang resibo mula sa nars. Dalhin at





F Serbisyong medikal

[▶ Bumalik sa TOP ng F Serbisyong medikal](#)

ipakita ito sa payment counter. Itago ang resibo na inyong matatanggap sa panahong ito. Sa loob ng isang buwan, kapag lumaki ang babayaran ninyo para sa pagpapagamot (bagamat magkaiba ang pamantayan ayon sa sahod para sa mga indibdwal na may insurance, karaniwang ibig sabihin nito ang gastusin na humigit sa 80,100 yen), ibabalik sa inyo ang bahagi ng inyong binayaran. Gayundin kung humigit sa 100,000 yen ang gastusin pangmedikal sa isang taon, may pagkakataong mababawasan ang buwis na inyong babayaran. Kailangan ang resibo para sa mga ito.

5. Pagkuha ng gamot

Dahil ang reseta na inyong natanggap noong nagbayad sa ospital at tumungo sa parmasyang naghahalo ng gamot (chouzai yakkyoku) para kunin ang gamot. Hiwalay ang bayad para sa gamot at dito babayaran (ingai yakkyoku, o parmasya na nasa labas ng ospital ang tawag dito). Minsan mayroon ding mga counter sa loob ng ospital o yakkyoku madoguchi kung saan matatanggap ang gamot at kung gayon, kasama na ang bayad para sa gamot sa iyong binayaran sa payment counter (ito naman ang tinatawag na innai yakkyoku, o parmasya sa loob ng ospital).



* Sa susunod na bisita sa duktur, dalhin ang inyong patient ID card at tumungo sa saishinki (mga automated machine na pang-rehistro) o ipakita ito sa reception para magparehistro. May panahon ding kailangang mag-aplay sa reception o uketsuke. Pagkatapos nito, pareho din ang proseso tulad sa unang bisita.



F Serbisyong medikal

[▲ Bumalik sa TOP ng F Serbisyong medikal](#)

1 Mga medikal na pasilidad

(2) Medical questionnaire sa iba't-ibang wika

Maaaring makakuha ng medical questionnaire (iryōu monshinhyō) sa iba't-ibang wika mula sa homepage ng Kanagawa International Association. Maaari ding makakuha ng application form sa iba't-ibang wika para sa pagpapakonsulta. Maaaring ma-download ang mga ito sa Internet at sumusunod ang mga link nito.

Kanagawa International Foundation
http://www.k-i-a.or.jp/medical/index.html
Maaaring mahanap ang impormasyon na nakahiwalay batay sa departamento ng pagpapagamot at sa wika. May sampung (10) nakalistang departamento at labing-apat (14) wika.

■ Ophthalmology (sakit sa mata) medical questionnaire			
Ophthalmology medical questionnaire sa Indonesian	Ophthalmology medical questionnaire sa English	Ophthalmology medical questionnaire sa Cambodian	Ophthalmology medical questionnaire sa Español
Ophthalmology medical questionnaire sa Thai	Ophthalmology medical questionnaire sa Tagalog	Ophthalmology medical questionnaire sa Intsik (Mandarin)	Ophthalmology medical questionnaire sa Koryano
Ophthalmology medical questionnaire sa Vietnamese	Ophthalmology medical questionnaire sa Persyan	Ophthalmology medical questionnaire sa Portuges	Ophthalmology medical questionnaire sa Laoatian
Ophthalmology medical questionnaire sa Ruso	Ophthalmology medical questionnaire sa French		

■ Surgery (para sa operasyon) medical questionnaire			
Surgery medical questionnaire sa Indonesian	Surgery medical questionnaire sa English	Surgery medical questionnaire sa Cambodian	Surgery medical questionnaire sa Español
Surgery medical questionnaire sa Thai	Surgery medical questionnaire sa Tagalog	Surgery medical questionnaire sa Intsik (Mandarin)	Surgery medical questionnaire sa Koryano
Surgery medical questionnaire sa Vietnamese	Surgery medical questionnaire sa Persyan	Surgery medical questionnaire sa Portuges	Surgery medical questionnaire sa Laoatian
Surgery medical questionnaire sa Ruso	Surgery medical questionnaire sa French		



F Serbisyong medikal

[▲ Bumalik sa TOP ng F Serbisyong medikal](#)

■ Obstetrics and gynecology (para sa panganganak at sakit ng babae) medical questionnaire			
Obstetrics and gynecology medical questionnaire sa Indonesian	Obstetrics and gynecology medical questionnaire sa English	Obstetrics and gynecology medical questionnaire sa Cambodian	Obstetrics and gynecology medical questionnaire sa Español
Obstetrics and gynecology medical questionnaire sa Thai	Obstetrics and gynecology medical questionnaire sa Tagalog	Obstetrics and gynecology medical questionnaire sa Intsik (Mandarin)	Obstetrics and gynecology medical questionnaire sa Koryano
Obstetrics and gynecology medical questionnaire sa Vietnamese	Obstetrics and gynecology medical questionnaire sa Persyan	Obstetrics and gynecology medical questionnaire sa Portuges	Obstetrics and gynecology medical questionnaire sa Laoatian
Obstetrics and gynecology medical questionnaire sa Ruso	Obstetrics and gynecology medical questionnaire sa French		

■ Dentistry (dentista) medical questionnaire			
Dentistry medical questionnaire sa Indonesian	Dentistry medical questionnaire sa English	Dentistry medical questionnaire sa Cambodian	Dentistry medical questionnaire sa Español
Dentistry medical questionnaire sa Thai	Dentistry medical questionnaire sa Tagalog	Dentistry medical questionnaire sa Intsik (Mandarin)	Dentistry medical questionnaire sa Koryano
Dentistry medical questionnaire sa Vietnamese	Dentistry medical questionnaire sa Persyan	Dentistry medical questionnaire sa Portuges	Dentistry medical questionnaire sa Laoatian
Dentistry medical questionnaire sa Ruso	Dentistry medical questionnaire sa French		



F Serbisyong medikal

[▲ Bumalik sa TOP ng F Serbisyong medikal](#)

■EENT (para sa tenga, ilong at lalamunan) medical questionnaire			
EENT medical questionnaire sa Indonesian	EENT medical questionnaire sa English	EENT medical questionnaire sa Cambodian	EENT medical questionnaire sa Español
EENT medical questionnaire sa Thai	EENT medical questionnaire sa Tagalog	EENT medical questionnaire sa Intsik (Mandarin)	EENT medical questionnaire sa Koryano
EENT medical questionnaire sa Vietnamese	EENT medical questionnaire sa Persyan	EENT medical questionnaire sa Portuges	EENT medical questionnaire sa Laoatian
EENT medical questionnaire sa Ruso	EENT medical questionnaire sa French		

■Pediatrics (para sa sakit ng bata) medical questionnaire			
Pediatrics medical questionnaire sa Indonesian	Pediatrics medical questionnaire sa English	Pediatrics medical questionnaire sa Cambodian	Pediatrics medical questionnaire sa Español
Pediatrics medical questionnaire sa Thai	Pediatrics medical questionnaire sa Tagalog	Pediatrics medical questionnaire sa Intsik (Mandarin)	Pediatrics medical questionnaire sa Koryano
Pediatrics medical questionnaire sa Vietnamese	Pediatrics medical questionnaire sa Persyan	Pediatrics medical questionnaire sa Portuges	Pediatrics medical questionnaire sa Laoatian
Pediatrics medical questionnaire sa Ruso	Pediatrics medical questionnaire sa French		



F Serbisyong medikal

[▲ Bumalik sa TOP ng F Serbisyong medikal](#)

■ Orthopedics (para sa buto at spine) medical questionnaire			
Orthopedics medical questionnaire sa Indonesian	Orthopedics medical questionnaire sa English	Orthopedics medical questionnaire sa Cambodian	Orthopedics medical questionnaire sa Español
Orthopedics medical questionnaire sa Thai	Orthopedics medical questionnaire sa Tagalog	Orthopedics medical questionnaire sa Intsik (Mandarin)	Orthopedics medical questionnaire sa Koryano
Orthopedics medical questionnaire sa Vietnamese	Orthopedics medical questionnaire sa Persyan	Orthopedics medical questionnaire sa Portuges	Orthopedics medical questionnaire sa Laoatian
Orthopedics medical questionnaire sa Ruso	Orthopedics medical questionnaire sa French		

■ Internal medicine (para sa lamang-loob) medical questionnaire			
Internal medicine medical questionnaire sa Indonesian	Internal medicine medical questionnaire sa English	Internal medicine medical questionnaire sa Cambodian	Internal medicine medical questionnaire sa Español
Internal medicine medical questionnaire sa Thai	Internal medicine medical questionnaire sa Tagalog	Internal medicine medical questionnaire sa Intsik (Mandarin)	Internal medicine medical questionnaire sa Koryano
Internal medicine medical questionnaire sa Vietnamese	Internal medical questionnaire sa Persyan	Internal medical questionnaire sa Portuges	Internal medicine medical questionnaire sa Laoatian
Internal medicine medical questionnaire sa Ruso	Internal medicine medical questionnaire sa French		



F Serbisyong medikal

[▲ Bumalik sa TOP ng F Serbisyong medikal](#)

■Neurosurgery (para sa ugat at neurosurgery) medical questionnaire			
Neurosurgery medical questionnaire sa Indonesian	Neurosurgery medical questionnaire sa English	Neurosurgery medical questionnaire sa Cambodian	Neurosurgery medical questionnaire sa Español
Neurosurgery medical questionnaire sa Thai	Neurosurgery medical questionnaire sa Tagalog	Neurosurgery medical questionnaire sa Intsik (Mandarin)	Neurosurgery medical questionnaire sa Koryano
Neurosurgery medical questionnaire sa Vietnamese	Neurosurgery medical questionnaire sa Persyan	Neurosurgery medical questionnaire sa Portuges	Neurosurgery medical questionnaire sa Laoatian
Neurosurgery medical questionnaire sa Ruso	Neurosurgery medical questionnaire sa French		

■Dermatology (para sa balat) medical questionnaire			
Dermatology medical questionnaire sa Indonesian	Dermatology medical questionnaire sa English	Dermatology medical questionnaire sa Cambodian	Dermatology medical questionnaire sa Español
Dermatology medical questionnaire sa Thai	Dermatology medical questionnaire sa Tagalog	Dermatology medical questionnaire sa Intsik (Mandarin)	Dermatology medical questionnaire sa Koryano
Dermatology medical questionnaire sa Vietnamese	Dermatology medical questionnaire sa Persyan	Dermatology medical questionnaire sa Portuges	Dermatology medical questionnaire sa Laoatian
Dermatology medical questionnaire sa Ruso	Dermatology medical questionnaire sa French		

AMDA International Medical Information Center
http://amda-amic.com/
May mga pahina na nakasalin sa sumusunod na mga wika. (Wikang English, Intsik, Koreano, Español, Thai, Portuges at Tagalog)

(3) Mga terminolohiyang pangmedikal

Para sa mga salita o termino tungkol sa sintomas at sa personal na medical history sa iba't-ibang wika, tingnan ang binanggit na pagkategorya ng departamento ng pagpapagamot at ang multilingual medical questionnaire ng Kanagawa International Foundation.





1 Mga medikal na pasilidad

1-4 Proseso ng pagpasok sa ospital

Pagpapasyahan ng duktore kung papasok sa ospital o hindi, kasama na rin ang panahon ng pagpasok ng ospital pagkatapos niyang pagmasdan at siyasatin ang mga sintomas. Kapag nakatanggap ng payo mula sa duktore tungkol sa pagpasok sa ospital, kadalasan, kakausapin ang tagapamahala sa consultation window para sa pagpasok sa ospital (nyuuin soudan madoguchi) para itakda ang araw kung kailan papasok ng ospital at para alamin ang mga kailangang ihandang bagay.

(1) Kuwarto sa ospital

Mayroong pribadong kuwarto at kuwarto para sa dalawa, sa apat at sa anim na tao ang uri ng kuwarto sa ospital at kuwarto na para sa 4 hanggang sa 6 na tao ang pangkaraniwang ginagamit. Sa mga nais ng kuwarto na para sa isa o dalawang tao, maliban sa mga panahon na ipinagpasyahan ng ospital dahil may kaugnayan sa pagpapagamot, may hiwalay na karagdang bayad para dito. Magkaiba ang karagdang bayad depende sa ospital at mula 2,000 yen hanggang sa higit 10,000 yen bawat araw ang agwat ng bayad.



1 Mga medikal na pasilidad

(2) Pangkaraniwang proseso ng pagpasok sa ospital

Karaniwan, ipinaalam na bago pa man pumasok sa ospital ang mga impormasyon tungkol sa araw ng pagpasok sa ospital, mga kailangang ihandang gamit, kasulatan ng pagsang-ayon (guarantee letter) sa pagpasok ng ospital at ang mga pangangailangan sa pagpasok sa ospital at pumasok ng ospital pagkatapos isagawa ang proseso. Pagmamasdan at isisiyasat ng duktor ang sintomas at karamdam bago pagpapasyahan ang inyong paglabas sa ospital. Ilalarawan ito nang mas malinaw sa sumusunod.

1 Paraan at proseso ng pagpasok sa ospital

Sagutin ang application form para sa pagpasok sa ospital at ipakita ang mga kailangang bagay (health insurance card, patient ID card, perang pang-deposito, atbp). Kapag kinakailangan, makipag-usap sa nutritionist tungkol sa mga problema na kaugnay sa pagkain, mga tradisyon sa pagkain at sa relihiyon. Kung kailangang ipaalam ito sa ibang pasyente na nasa parehong silid, ipaalam sa nars. Kailangan ding ihanda ang mga pansariling kagamitan tulad ng underwear, toiletries tulad ng panghugas ng mukha, atbp.



2 Habang nasa ospital

Sundin ang oras ng pagbisita sa pasyente at iwasang makaabala sa ibang pasyente. Minsan ipinagbabawal ang pagbisita ng mga bata sa mga ward ng ospital. Sa oras ng pagsasailalim sa operasyon, magbibigay ng paliwanag ang duktor at matapos nito, kailangang pumirma sa isang papel na nagsasaad na sang-ayon ka sa operasyong isasagawa. Kung sakaling mayroon kayong hindi naintindihan, huwag mag-atubiling magtanong hanggang naintindihan nang mabuti at kung may mga pang-medikal na social worker, makipag-ugnayan sa mga pang-medikal na social worker na ito.



3 Paglabas ng ospital

Maaaring lumabas ng ospital kapag nabayaran na ang mga bayad para sa pagpapa-ospital.





1 Mga medikal na pasilidad

1-5 Mga paalala

(1) Mga paalala tungkol sa mga klinik o ospital

Maaaring may limitasyon ang paggamit ng cell phone o PHS sa loob ng klinik o ospital. Sundin ang takdang oras tulad ng pagbisita sa ospital o pag-reserba ng kuwarto. Mahalaga din na humingi ng paliwanag mula sa duktore tungkol sa resulta ng pagpapa-eksamen o tungkol sa gamot hanggang malinaw ninyong naintindihan ang mga ito.



(2) Kapag may alinlangan sa paggamit ng wika

Kapag may alinlangan sa paggamit ng wika, humingi ng tulong mula sa isang interpreter o magsama ng tao bilang inyong interpreter. Depende sa lugar, may mga international association na nag-aalay ng serbisyo ng mga interpreter. Kung may mga pang-medikal na social worker sa ospital, maaaring makipag-ugnayan din sa mga ito.



(3) Walang sapat ang kaalaman tungkol sa sistema ng pagpapagamot sa Japan

Sa sistema sa pagpapagamot sa Japan, marami ang hindi nag-aaplay upang tumanggap ng benepisyo kung kaya't mahalaga na alamin ang sistema at ang pamamalakad nito. Magtanong sa reception o uketsuke kung may mga pang-medikal na social worker sa ospital, makipag-ugnayan sa mga pang-medikal na social worker na ito. Walang bayad ang pakikipagkonsulta sa pang-medikal na social worker at kanilang aalagaan ang inyong personal o pribadong impormasyon. Upang makatanggap ng pagpapagamot na walang problema, mahalaga na humingi ng tulong mula sa mga sanggunian o sa pang-medikal na social worker kaya huwag mag-atubiling gamitin ang mga serbisyong ito.



2 Kapag oras ng emerhensiya

May panahon na bigla kayong magkasakit o malubhang masugatan. Sa mga panahong ito, ano ang mga dapat gawin? Ibahagi dito ang pagtawag ng ambulansiya, at tungkol sa pagpapagamot sa gabi at kapag holiday at sa oras ng emerhensiya.

2-1 Kapag biglang nagkasakit o malubhang nasugatan at kailangan ng ambulansiya

Ipaalam agad sa 119. Maaaring tumawag sa 119 gamit ang landline, public phone (tingnan ang [P Sa oras ng emerhensiya at sakuna 1-1 \(2\) Mga teleponong maaaring gamitin](#)), cell phone o PHS. Kapag tumawag sa 119, agad kayong makokonekta sa bumbero o shoubousho. Itatanong sa inyo ng bumbero kung tungkol sa sunog (kaji) o ibang emerhensiya (kyuukyuu) ang tawag kaya huwag mataranta at sabihing “kyuukyuu (emerhensiya)”. Sabihin kung saan ang lugar at palatandaan kung saan ang taong may sakit o may pinsala. Pagkatapos, agad at malinaw na ibigay ang detalye kung “sino,” “kailan,” “saan,” at “bakit.” Kapag kailangan, ibigay din ang bilang ng mga taong may sakit o pinsala at ang kanilang edad at kasarian (tingnan ang [P Sa oras ng emerhensiya at sakuna 1-2 \(2\) Nilalaman ng ulat sa oras ng emerhensiya](#)).

Walang bayad ang pagtawag. Bagamat libre ang paggamit ng ambulansiya, hindi ito maaaring gamitin kapag hindi malubha ang sakit o pinsala at maaaring ihatid sa ospital sa pamamagitan ng taksi o sariling sasakyan. Magpagawa din ng personal na kard para sa oras ng emerhensiya (tingnan ang [P Sa oras ng emerhensiya at sakuna 1-2 \(1\)](#)) at lagi itong dalhin.



2 Kapag oras ng emerhensiya

2-2 Emerhensiya sa gabi o kapag holiday

Gamitin ang mga medikal na pasilidad na pang-emerhensiya na matatagpuan sa bawat rehiyon. Sa mga pasilidad na ito, may serbisyo tulad ng holiday emergency clinic (kyuujitsu kyuukan shinryoujo) na bukas kapag Linggo, tuwing holiday at tuwing holiday ng bagong taon; emergency medical center (kyuukyuu iryou sentaa) at pang-gabing emergency center (yakan kyuubyou sentaa) na bukas sa gabi; dental health center (shika hoken iryou sentaa) para sa sakit ng ngipin kapag holiday; emergency medical care information center (kyuukyuu iryou jouhou sentaa) na maaaring tawagan kapag biglang nagkasakit upang mapagkaloob ng impormasyon tungkol sa mga duktor; at clinic rotation system (zaitaku touban seido).

Gayunman, magkaiba ang pangalan, uri ng serbisyo at oras ng pagtanggap ng pasyente ayon sa lugar.

Sumangguni sa mga inilathala ng tanggapan ng inyong munisipyo para sa impormasyon tungkol sa mga medikal na pasilidad na pang-emerhensiya. Maaari ding tumawag upang magtanong sa telepono. Sa paghanap ng impormasyon, mangyari munang suriin ang impormasyon mula sa mga inilathala na bulletin at pagkatapos magtanong sa tanggapan ng munisipyo.



3 Botika/parmasya

Para gumaling ang sakit, gumamit ng gamot. Dahil may mga gamot na maaaring magdulot ng mga side effect o masamang reaksyon, kailangang sapat na mag-ingat kapag gumamit ng gamot. Ilalahad dito ang tungkol sa paggamit ng reseta o shohousen, mga gamot na nabibili na walang reseta at ang paraan ng paggamit ng gamot.

3-1 Ang kaibahan ng parmasya (yakkyoku), parmasyang naghahalo ng gamot (chouzai yakkyoku), botika (yakuten) (drugstore)

Sa bansang Hapon, makakabili ng gamot sa parmasya (yakkyoku), parmasyang naghahalo ng gamot (chouzai yakkyoku) o sa botika (yakuten) (drugstore). Ang kaibahan ng mga ito ay ang sumusunod.

Parmasya (yakkyoku)	Nagbebenta ng mga karaniwang gamot.
Parmasyang naghahalo ng gamot (chouzai yakkyoku)	Maliban sa pagbebenta ng mga karaniwang gamot, maaari din maghalo ng gamot batay sa reseta ng manggagamot.
Botika (yakuten) (drugstore)	Maliban sa mga karaniwang gamot, nagbebenta rin ng mga bagay para sa kalinisan, mga bagay na gamit sa araw-araw na pamumuhay, mga kosmetiko atbp.

3-2 Pagbili ng gamot

Kapag masama ang inyong pakiramdam pero sa inyong palagay, hindi naman kinakailangang pumunta sa duktor, maaaring bumili ng pangkaraniwang gamot tulad ng gamot para sa sakit ng ulo, sipon o sakit ng tiyan sa yakkyoku o parmasyang humahawak ng niresetang gamot at sa yakuten o pangkaraniwang botika. Hindi sakop ng health insurance ang mga gamot na ito kaya babayaran ito ng sariling gastos.

Sa kabila nito, upang ipahanda ang niresetang gamot o shohousen na ipinagkaloob ng duktor, tumungo sa parmasyang naghahalo ng gamot (chouzai yakkyoku). Kapag miyembro ng health insurance plan, sakop ng insurance ang bayad sa niresetang gamot kaya bahagi lamang ang inyong babayaran. Ngunit tandaan na kapag hindi naman nakasaad ang bisa ng reseta, 4 na araw lamang ito magagamit simula ng araw na ipinagkaloob ito. Kapag lumampas na sa araw ng pagkawalang-bisa, kailangang muling magpakonsulta sa duktor upang maipagkaloob muli ng reseta. Kahit sa mga gamot na nireseta sa inyo sa nakaraan, para muling makabili nito, kinakailangang magpakonsulta uli sa duktor upang maipagkaloob ng reseta. Hindi maaaring bumili ng niresetang gamot kapag wala nito.



F Serbisyong medikal

[▶ Bumalik sa TOP ng F Serbisyong medikal](#)

3-3 Paraan ng paggamit ng gamot

Sa yakkyoku at yakuten, maaaring makatanggap ng paliwanag mula sa pharmacist tungkol sa tamang paraan ng paggamit o pag-inom ng gamot, pag-iingat sa paggamit nito at tungkol sa mga side effect o masamang reaksyon. Gayunman, walang interpreter sa mga lugar na ito kaya minamabuting magsama ng marunong magsalita ng wikang Hapon. At dahil sa wikang Hapon lamang nakasulat ang paliwanag sa paggamit ng gamot, kapag hindi ninyo maintindihan ang nakasulat, maghanap ng taong makakapagsalin para sa inyo.




4 Public medical insurance

Kahit sino na nakatira sa Japan, kailangang maging miyembro ng isang programa ng public medical insurance. Nahahati sa dalawang malaking bahagi ang programa ng public medical insurance ng Japan: ang health insurance plan (kenkou hoken) kung saan kasapi ang mga nagtrabaho sa kompanya, at ang National Health Insurance (Kokumin Kenkou Hoken) na para sa mga hindi kasama sa unang grupo.

4-1 Bayad sa pagpapagamot at ang public medical insurance

(1) Bayad sa pagpapagamot at ang public medical insurance

Kapag naging miyembro ng programa ng public medical insurance, 30% lamang ng gastusin pangmedikal ang babayaran kahit saan man sa Japan. Samantala, kapag hindi naging kasapi sa isang public medical insurance, kung nagpakonsulta sa mga medikal na pasilidad, babayaran ang buong halaga sa sariling gastos at dahil may laya ang mga medikal na pasilidad sa paniningil, magiging mas mahal ang halaga na inyong babayaran. (Karaniwan ang babayaran ay 150% ng tunay na halaga ng singil)



(2) Pagpapagamot na di sakop ng insurance

Kapag naging miyembro ng programa ng public medical insurance, bagamat 30% lamang ng gastusin pangmedikal ang inyong babayaran, hindi maaaring gamitin ang insurance sa mga sumusunod na sitwasyon.



F Serbisyong medikal

[Bumalik sa TOP ng F Serbisyong medikal](#)

● Pagpapagamot na di sakop ng insurance

Natamong sugatan o pinsala dahil sa aksidente ng trapiko o isang pangyayari		Kung nasugatan dahil sa pagkawalang-ingat o di pagsunod sa batas, ang may sala ang sasagot sa gastusin pangmedikal. Sa mga kaso na tulad ng tinakasan pagkatapos masagasaan at mahirap makasingil ng bayad-pinsala, may sistema na maipapasa sa pamahalaan (Government Security Operations System) ang bayad-pinsala sa loob ng nakatakdang legal na halaga.	
Normal na pagbubuntis at panganganak	Pagpapalaglag ng bata (abortion) sanhi ng dahilan maliban sa sakit	Medical checkup o comprehensive medical exam May mga munisipyo na tumutulong sa pagbayad nito	Pagbabakuna (maliban sa mga pagbabakunang atas ng pamahalaan)
Cosmetic surgery o pagpapaayos ng ngipin	Aksidente o pinsala habang nasa trabaho o patungo sa trabaho (Magiging ito sakop ng rousai hoken o labor accident compensation insurance)	Ang diperensya sa bayad kung kukuha ng pribadong kuwarto kapag na-ospital	Mga eksamen, operasyon, pagpapagamot, gamot, atbp na hindi sakop sa serbisyo ng health insurance

(3) Pribadong medical insurance

Sa mga medical insurance, may mga insurance company kung saan makakakuha ng pribadong medical insurance at binabayaran ito sa itinakdang panahon at makakatanggap ng benepisyo sa panahon tulad ng pagpapaospital dahil nagkasakit o nasugatan, regular na bisita sa ospital at kapag magpapaopera. Dahil dito, kapag hindi naging kasapi sa isang programa ng public medical insurance, pansamantalang babayaran bilang sariling gastos ang gastusin pangmedikal sa ospital o klinik kaya mangyaring tandaan ito.



4 Public medical insurance

4-2 Health insurance plan (kenkou hoken)

(1) Mga maaaring maging miyembro ng health insurance plan

Maaaring maging miyembro ang mga nagtrabaho sa kompanya.

(2) Paraan upang maging miyembro ng health insurance plan

Isinasagawa ang aplikasyon sa inyong kompanya o sa opisina ng insurance company. Mangyaring magtanong sa inyong kompanya o sa opisina.

(3) Health insurance card (kenkou hoken hihokenshashou)

Kapag naging kasapi ng health insurance plan, mapagkakalooban ng health insurance card. Nagsisilbi ang health insurance card bilang patunay na miyembro ng programa ng health insurance kaya alagaan ito ng mabuti. Nakasulat ang pangalan at tirahan ng miyembro sa health insurance card at kapag magpapakonsulta sa duktore, ipakita ito sa reception o counter ng medikal na pasilidad. Dalhin din ang card kapag bumibiyaha saan man sa loob ng Japan. Hindi maaaring ipahiram o ibenta ang health insurance card.

(4) Ang bahagi ng gastos na babayaran sa medikal na pasilidad

Kapag nagpagamot para sa sakit o kasugatan, babayaranang bahagi ng gastusin pangmedikal 30%. Para sa mga 70 ~ 74 na taong gulang ang edad, maaari maging 10% o 30% ang babayaranang bahagi ng buong halaga, depende sa kinikita. At para naman sa mga bata mula sa edad na 0 taong gulang hanggang bago sila pumasok sa mababang paaralan, ang babayaranang bahagi ng buong halaga ay 20%.



F Serbisyong medikal

[Bumalik sa TOP ng F Serbisyong medikal](#)

- Ang halaga ng babayaranang bahagi kapag ginamit ang health insurance (miyembro na tumatanggap ng insurance, mga dependents)

hanggang bago makapasok sa elementarya	taong malaki ang kita, karaniwan, taong mababa ang kita	20%
mula makapagtapos ng pag-aaral ~ 69 na taong gulang	taong malaki ang kita, karaniwan, taong mababa ang kita	30%
70 ~ 74 na taong gulang	karaniwang kalagayan	30%
	Taong karaniwan / mababa ang kita	20% Sa loob ng dalawang taong panahon, mula Abril 2008 hanggang Marso 2010, ang babayaranang bahagi ay ipapanatili sa 10%.

(Puna) Maaaring magamit ng mga taong ang edad ay mula 75 taong gulang (o kaya ang mga taong ang edad ay 65 ~ 74 na taong gulang na may permanenteng kapansanan) ang Senior Citizen Health Care System.

Sanggunian: Social Insurance Agency atbp.



F Serbisyong medikal

[▲ Bumalik sa TOP ng F Serbisyong medikal](#)

(5) Bayad sa insurance (insurance premium)

Ikakaltas mula sa suweldo ang bayad para sa insurance. Bata yang halaga sa inyong kinikita at naghahati sa pagbayad ang miyembro ng health insurance plan at ang kanyang employer.

(6) Uri at nilalaman ng mga benepisyo ng health insurance plan

(Sipi mula sa website ng Social Insurance Agency) <http://www.sia.go.jp/seido/iryo/kyufu/kyufu01.htm>



F Serbisyong medikal

[Bumalik sa TOP ng F Serbisyong medikal](#)

Kategorya		Uri ng Benepisyo	
		Miyembro na tumatanggap ng insurance	Dependent
Kapag nagkasakit o napinsala	Kapag magpapagamot na gamit ang inyong health insurance card	Benepisyo sa pagpapagamot Gastos para sa pagkain at pagpapagamot kapag na-ospital Gastos para sa pamumuhay at pagpapagamot kapag na-ospital Gastos sa pagpapagamot na hindi sakot ng insurance ngunit sabay na isinagawa Gastos sa pagpapagamot at pagpunta na nars sa bahay	Gastos sa pagpapagamot para sa dependent Gastos sa pagpapagamot at pagpunta na nars sa bahay para sa dependent
	Kapag binayaran muna at isasauli ang halaga pagkatapos (reimbursement)	Gastos sa pagpapagamot Benepisyo para sa mamahaling gastos sa pagpapagamot Benepisyo para sa magkasamang mamahaling gastos sa pag-aalaga at pagpapagamot	Gastos sa pagpapagamot para sa dependent Benepisyo para sa mamahaling gastos sa pagpapagamot Benepisyo para sa magkasamang mamahaling gastos sa pag-aalaga at pagpapagamot
	Kapag inilipat ng lugar sa panahon ng emerhensiya	Gastos sa paglipat ng medikal na pasilidad	Gastos sa paglipat ng ng medikal na pasilidad para sa dependent
	Kapag nagpahinga sa trabaho para magpagaling	Allowance para sa pagkapinsala o pagkasakit	
Kapag nanganak		Lump-sum birth allowance Maternity allowance	Lump-sum birth allowance ng dependent
Kapag namatay		Bayad sa pagpapalibing	Bayad sa pagpapalibing ng dependent
Kapag tumigil sa trabaho (Benepisyo para makahanap muli ng trabaho o kaya benepisyo para sa isang takdang panahon)		Allowance para sa pagkapinsala o pagkasakit Maternity allowance Lump-sum birth allowance Bayad sa pagpapalibing	



4 Public medical insurance

4-3 National Health Insurance (Kokumin Kenkou Hoken)

(1) Mga maaaring maging miyembro ng National Health Insurance

Maaaring maging miyembro ang hindi kasapi sa programa ng health insurance sa lugar na pinagtrabahuhan. Kahit di Hapon, kapag nakapagrehistro ng alien registration at may hawak na visa na para sa isang taon o mahigit pa, kailangang maging kasapi ng National Health Insurance (Kokumin Kenkou Hoken) kung hindi miyembro ng isang programa ng health insurance sa trabaho (hindi kasama dito ang mga may hawak na visa na "Temporary Visitor"). Kahit sa unang pagpasok ng Japan, mas maiksi sa isang taon ang tagal ng pananatili na ipinagkaloob sa inyo, kapag sa susunod, pinahintulatang manirahan sa Japan ng isang taon o mahigit pa, tandaan na kailangang maging miyembro ng National Health Insurance.

*Samantala, ayon sa Bansang Hapon at sa mga bansang sumangayon na sumunod sa International Social Security Agreement, upang pagpigil dobleng panakop sa Social Security System, may kasong kindi kinakailangan sumapi sa National Health Insurance (kailangan ang patunay na kasapi sa isang angkop na insurance na maaaring tumustos sa gastusin medikal sa bansang Hapon). Para sa mas detalyadong impormasyon, tignan and website ng Social Security Agency.

<http://www.sia.go.jp/seido/kyotei/system/index.html>

(2) Paraan ng pag-aplay sa National Health Insurance

Isagawa ang proseso ng pag-aplay sa tagapamahala ng National Health Insurance sa tanggapan ng munisipyo kung saan kayo nagrehistro ng inyong alien registration.

Mga dokumentong kailangan	Alien registration certificate
	Para sa mga taong naninirahan sa Japan nang hindi mahigit sa isang taon: dokumentong nagpapatunay na magpapatuloy ang paninirahan sa Japan nang isang taon o higit sa isang taon (liham mula sa paaralan kung saan kayo ay natanggap, student registration certificate, atbp)

(3) Health insurance card (Kokumin Kenkou Hoken hihokenshashou)

Kapag naging kasapi ng National Health Insurance, mapagkakalooban ng health insurance card. Nagsisilbi ang health insurance card bilang patunay na miyembro ng programa ng health insurance kaya alagaan ito ng mabuti. Nakasulat ang pangalan at tirahan ng miyembro sa health insurance card at kapag magpapakonsulta sa duktur, ipakita ito sa reception o counter ng medikal na pasilidad. Dalhin din ang card kapag bumibiyahe saan man sa loob ng Japan. Hindi maaaring ipahiram o ibenta ang health insurance card.



F Serbisyong medikal

[Bumalik sa TOP ng F Serbisyong medikal](#)

(4) Ang bahagi ng gastos na sagot ng medikal na pasilidad

Kapag nagpagamot para sa sakit o kasugatan, babayaranang bahagi ng gastusin pangmedikal 30%. Para sa mga 70 ~ 74 na taong gulang ang edad, maaari maging 10% o 30% ang babayaranang bahagi ng buong halaga, depende sa kinikita. At para naman sa mga bata mula sa edad na 0 taong gulang hanggang bago sila pumasok sa mababang paaralan, ang babayaranang bahagi ng buong halaga ay 20%.

●Ang halaga ng babayaranang bahagi kapag ginamit ang National Health Insurance

hanggang bago makapasok sa elementarya	taong malaki ang kita, karaniwan, taong mababa ang kita	20%
mula makapagtapos ng pag-aaral ~ 69 na taong gulang	taong malaki ang kita, karaniwan, taong mababa ang kita	30%
70 ~ 74 na taong gulang	karaniwang kalagayan	30%
	Taong karaniwan / mababa ang kita	20% Hanggang Marso 2010, ang babayaranang bahagi ay ipapanatili sa 10%.

(Puna) Maaaring magamit ng mga taong ang edad ay mula 75 taong gulang (o kaya ang mga taong ang edad ay 65 ~ 74 na taong gulang na may permanenteng kapansanan) ang Senior Citizen Health Care System. Ngunit sa kasalukuyan na pinag-aaralan ang pagtigil ng Senior Citizen Health Care System.

(5) Bayad sa insurance (insurance premium)

Bayaran ang sariling insurance premium sa pamamagitan ng mga institusyong pampinansyal. Dalhin sa institusyong pampinansyal o sa tanggapan ng munispyo ang tax payment slip (noufusho) na ipinadala sa inyo ng munisipyo. Makikita ang mga paraan ng pagbayad at ang paraan ng paggamit ng bank transfer para sa pagbayad. Minsan may collector na pumupunta para mangolekta ng babayaran.

Magkaiba ang halaga ng bayad ng insurance ayon sa munisipyo at taun-taon nagbabago ito batay sa halaga ng kinikita at sa bilang ng mga sambahayan. Sa unang taon ng pagtira sa Japan, kapag walang sahod o kita noong nakaraang taon, ipapabayad sa inyo ang pinakamababang halaga ng bayad sa insurance at mula sa susunod na taon, iaakma ito ayon sa inyong kinikita. Para sa mga nasa edad na mula 40 taong gulang hanggang 64 na taong gulang, magkakaroon ng karagdagang bayad para sa nursing care insurance o kaigo hoken (tingnan ang [Pamublikong tulong at serbisyo \(welfare\) 2-1](#)).

Kapag nahuli sa pagbayad ng insurance premium, ibalik ang health insurance card at kapalit nito, ipagkaloob ang isang sertipiko na nagpapatunay sa inyong pagiging miyembro ng National Health Insurance (hihoken sha shikaku shoumeisho) at sa panahon na ipinagkaloob ang sertipikong ito, babayaran bilang sariling gastos ang buong halaga ng gastusin pangmedikal (pagkatapos ng panahong ito, maaaring singilin ang bayad sa





F Serbisyong medikal

[▶ Bumalik sa TOP ng F Serbisyong medikal](#)

pagpapagamot mula sa tanggapan ng munisipyo o sa organisasyon kung saan kayo kasapi). Kaya siguraduhing huwag mahuli sa pagbayad. Sa pagbayad ng insurance premium para sa kapinsalaan, kawalan ng trabaho at kawalan ng pera (bankruptcy), may mga panahon ng kagipitan kung kailan maaaring mabawasan ang pagbayad ng tax para sa insurance premium. Makipag-ugnayan sa tagapamahala ng National Health Insurance sa tanggapan ng munisipyo.





(6) Uri at nilalaman ng mga benepisyo ng National Health Insurance

Kategorya	Uri ng Benepisyo
Kapag nagkasakit o nasugatan	
Kapag magpapagamot gamit ang inyong health insurance card	→ Benepisyo sa pagpapagamot
Kapag binayaran muna ang sariling gastos para sa gastusin pangmedikal at isasauli ang halaga pagkatapos (reimbursement)	→ Gastos sa pagpapagamot
Kapag nagbayad ang gastusin pangmedikal na higit sa itinakdang halaga	→ Benepisyo para sa mamahaling gastos sa pagpapagamot
Kapag inilipat ng lugar sa panahon ng emerhensiya	→ Gastos sa paglipat ng medikal na pasilidad
Kapag nagpahinga sa trabaho dahil sa kapinsalaan o sakit	→ Allowance para sa pagkapinsala o pagkasakit
Kapag nanganak	→ Lump-sum allowance para sa panganganak at pag-aalaga ng bata
Kapag namatay	→ Bayad sa pagpapalibing

※ Lump-sum allowance para sa panganganak at pag-aalaga ng bata

Kapag nanganak ang miyembro, mabibigyan ito ng lump-sum allowance mula 300,000 hanggang 380,000 yen sa bawa't anak. Magkakaiba ang halaga ayon sa patakaran ng munisipyo.

(7) Pagbigay ng dokumento sa nauukol na panahon

Kapag naging miyembro ng National Health Insurance ng isang beses, hindi maaaring kusang tigilan ang pagiging bahagi nito. Kapag naging kasapi ng health insurance plan sa inyong pinagtrabahuhan, ipagbigay-alam sa tagapamahala ng National Health Insurance sa tanggapan ng munisipyo sa loob ng 14 na araw. Kapag nawala o nasira ang insurance card, o kapag nanganak o nagbago ang puno ng sambahayan, o kapag namatay ang miyembro, ipagbigay-alam din ang ma ito sa loob ng 14 na araw.

Kailangan din ipagbigay-alam kapag lumipat o nagpalit ng tirahan. Kung nagpalit ng tirahan, dalhin ang insurance card sa tanggapan munisipyo ng dati ninyong tinitirhang lugar at ipaalam ang araw ng inyong pag-alis, at sa loob ng 14 na araw, magparehistro sa tanggapan ng munisipyo ng bagong lugar na inyong nilipatan.

Kung lilisan ng Japan, ihanda at dalhin ang insurance card at sariling pantatak o inkan (gamit ng taong may-ari lamang), alien registration card, airline ticket, atbp at ipagbigay-alam ito sa munisipyo.

(Sa Health Insurance / National Health Insurance, may Medical System para sa mga matatanda na tunuturing na nasa huling bahagi ng pagkatanda mula sa 75 taong gulang)